



## DEKLARASYON NG PAGKAKAISA

Ang OneShared.World ay isang malawak at kinabibilangan ng samahan ng mga taong kumikilos nang may pagtutulungan sa kabila ng pagkakaiba-iba ng kultura, etnisidad, organisasyon, pamumuhay, interes, henerasyon at bansa upang matiyak ang mas mabuting kinabukasan para sa sangkatauhan at pagpapanatili ng ating karaniwang tahanan.

Nais naming isulong ang malayang pagpapahayag ng mga karaniwang tao bilang napakahalagang haligi ng balangkas ng pandaigdigang kapangyarihan at manghikayat ng makatotohanan at makabuluhang pagbabago sa kaugalian, kayarian, sistema at kahihinatnan na sinisigurado ang tiyak na pag-unlad tungo sa pagkilala ng ating higit na pinagsama-samang mga pangangailangan.

Kumikilala, na matinding ipinaalala sa atin ng pandemyang COVID19, na tayong lahat ay iisang sangkatauhang humaharap sa mga umiiral na pangkaraniwang pagsubok, kami ay:

Kumakapit na tanging ang pagpapahalaga sa malalim na pagkakaugnay-ugnay natin sa isa't isa at sa ibang uri ng mga hayop at ekosistema sa ating daigdig ay nangangailangan ng maigting na pagsisikap upang matagumpay na makamit ang malusog, ligtas at matatag na kinabukasan;

Igiit ang ating tungkulin sa bawat isa para sa kapakanan ng lahat;

Naninindigang ang pagmamalasakit sa kapakanan ng sangkatauhan ay nagsisimula sa bawat isa sa atin at ang mga tunguhin, mga proseso at mga ninanais na resulta ng ating mga pagpupursige ay kinakailangang magkakaugnay; at

Naniniwalang kahit sa ganitong panahon ng krisis ang laki ng bantang kinakaharap natin ay maliit kung ikukumpara sa ating kakayahang magsama-sama upang magtatag ng mas mabuti, mas masayang mundo.

Samakatuwid, pinagtitiyap ng OneShared.World ang sumusunod na deklarasyon:

Ang karaniwan at mahahalagang mga naisin ng sangkatauhan ay mahusay na ipinaliwanag sa *UN Charter*, ang *Universal Declaration of Human Rights* at ang *Sustainable Development Goals*, na lubos naming sinusuportahan.

Bagaman ang ating kasalukuyang estado at mga pandaigdigang institusyon ay nakagawa ng napakalaking ambag sa pandaigdigang kapayapaan, kaligtasan, katatagan at kagalingan, ang mga ito ay napatunayang walang kakayahan sa pagbibigay ng sapat na pansin sa karamihan ng ating mga higit na karaniwang pangangailangan.

Ang mga ito ay kabilang ngunit hindi limitado sa:

- Ang pagkabisigong makapagtayo ng imprastrukturang makahuhula, makalalaban at makatutugon upang protektahan tayo sa pandaigdigang pandemya tulad ng COVID 19;
- Ang pagkabisigong maiwasan ang mapanganib na paglaganap ng nukleyar, kemikal, *cyber* at iba pang mga sandata para sa malawakang pagwasak;
- Ang pagkabisigong mabigyang pansin ang pagbabago-bago ng klima, maiwasan ang pagkasira ng kapaligiran at maipagtanggol ang mga natitirang nilalang ng bawat uri nito at ang pagpapanatili ng ating daigdig;
- Ang pagkabisigong maprotektahan ang pinaka nangangailangan sa atin laban sa kagutuman, malnutrisyon, diskriminasyon, mga sakit at kaguluhan; at
- Ang pagkabisigong magtatag ng mga balangkas na nagkikintal ng ating mga pinaka natatanging karaniwang kaugalian sa pamamahala ng ating pandaigdigang kalupaan at pinansyal na sistema at sa paggamit ng mabibisang teknolohiya.

Ang kawalang kakayahan nating matugunan ang mga karaniwang pagsubok ay nagmula sa batayan ng maling pagtutugma sa pagitan ng mga prayoridad ng ating pambansang pamahalaan at ng ating mga karaniwang pangangailangan bilang mga taong nasa iisang daigdig.

Sa diwang ito, kami ay naghahangad na magtatag ng ikatlong haligi ng pandaigdigang kaayusan ng kapangyarihan sa kabila ng soberanya ng mga estado at sa mahahalagang institusyong internasyonal na nilikha ng ating pamahalaan. Ang ikatlong haliging ito ay ganap na napapabilang sa pandaigdigang kilusang panlipunan at puwersang pulitikal na kumakatawan sa malayang pagpapahayag ng ating karaniwang pagkatao.

Nauunawaan naming ang lakas ng ating mga hangarin bilang mga tao ay kinakailangang madagdagan at mapalakas, hindi palitan, ang kritikal na gawaing ginagawa ng maraming mga pamahalaan at mga institusyong internasyunal.

Hinihingi namin sa mga pinuno ng lahat ng antas ng mga institusyong ito ang pangakong pagbibigay-alam ng mga desisyong ginagawa na babalanse sa mga pambansang kapakanan ng may pandaigdigang pampublikong kapakanan para sa parehong kapakinabangan sa ibayong mga heyograpiya at henerasyon.

Naniniwala kaming ang ating kilusan ay dapat na maitatag mula sa ibaba papataas sa grupo ng mga indibidwal, organisasyon, at mga taong sama-samang kumikilos sa lokal, rehiyonal, nasyonal at global na mga antas.

Pinahalalagan din namin na kahit kayang magbigay ng mga hindi matatawarang oportunidad ang mga makabagong teknolohiya, ang mga taong dapat na kasama sa prosesong ito ay hindi pa konektado sa global communications grid na ito.

Pagkilala sa pagkakaiba-iba bilang pinaka dakilang kalakasan natin, ipinahahayag naming ang aming pakikipagtulungan at mga tungkulin sa kapwa at mga pananagutan bilang mga indibidwal at miyembro ng mga natatanging komunidad, mga organisasyon, mga tao at mga bansa ay magkakasama sa lahat ng ito.

Kami ay nangangakong:

1. Suportahan ang pagtatatag ng makahuhula, makalalaban, at makatutugong imprastruktura upang protektahan tayo sa umiiral na mga panganib;
2. Tiyaking ang lahat ng mga mahihina ang loob sa atin ay maaaring maranasan ang mga mahahalagang kalayaan gaya ng sa mga kilala at mga makapangyarihan, na ang ating pagkakapareho bilang tao ay kinikilala sa loob ng konteksto ng ating mahahalagang pagkakaiba, at ang pantay na karapat-dapat na mga buhay natin ay maaaring isabuhay ng may karangalan;
3. Direktang gumawa at makiisa sa komunidad, organisasyon, mga nilalang, at mga bansa upang mapangalagaan ang ating karaniwang mga tao at pinagsasaluhang tahanan;
4. Magpanday ng ligtas at mapagpanatiling pandaigdigang kapaligiran para sa lahat ng uri ng nilalang at ekosistema sa ating daigdig;
5. Tinitiyak ang kalusugan, kaligtasan at kapakanan ng lahat ng kabataan at lahat ng mga tao at upang siguraduhing may pantay-pantay na edukasyon, pangangalagang pangkalusugan at kaligtasan;
6. Suportahan at ibahagi ang masining na pamamahayag sa lahat ng anyo nito upang makatulong maging dahilan ng ugnayan, paggalang, kahulugan at komunikasyon sa iba't ibang kultura; at
7. Pagtibayin at isulong ang pakikipagkapwa –tao sa pamamagitan ng konsiderasyon sa bawat isa, paggalang, empatiya at kabutihan.

Sa pagtatalaga ng aming mga pangalan sa deklarasyong ito, ipinangangako namin ang aming mga sarili na kikilos sa abot ng aming makakaya na siyang hangarin ng mga prinsipyong ito at humikayat pa ng mga tao, organisasyon, institusyon at bansa na magsama-sama upang sama-samang bigyang pansin ang ating karaniwang pinaka matitinding pagsubok.

Sa huli, kaming mamamayan ng iba't ibang mga bansa at ng ating pinagsasaluhang daigdig ay kapwa ipinangangako sa bawat isa ang enerhiya ng aming mga buhay, ang pagkakataon ng aming mga kapalaran at ang aming sagradong karangalan.